Mensahe Anim

Ang mga Kapatid ni Kristo bilang ang Panganay na Anak ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: 2 Sam. 7:12a, 14a; Roma 1:3-4; 8:28-30; Heb. 2:10-12; 1 Cor. 15:31, 36

I. "Aking ibabangon ang iyong binhi…Ako'y magiging kanyang Ama, at siya'y magiging Aking anak"—2 Sam. 7:12a, 14a:

A. Ang salitang ito ay tumutugma sa salita ni Pablo sa Roma 1:3-4 hinggil kay Kristo bilang binhi ni David na itinalagang Anak ng Diyos sa Kanyang pagkatao sa pagkabuhay na muli.

B. Ang intrinsikong kahulugan ng 2 Samuel 7 ay yaong isinasagawa ng Tres-unong Diyos ang Kanyang sarili sa Kanyang naproseso at napasukdol na Trinidad tungo sa loob ng Kanyang piniling bayan.

C. Ayon sa Hebreo 1:5b, na sinisipi ang 2 Samuel 7:14a, ang binhi ni David ay si Kristo bilang ang panganay na Anak ng Diyos, na kapwa may pagkadibino at pagkatao—Heb. 1:5a, 6.

D. Ang *iyong binhi* sa 2 Samuel 7:12a at ang *Aking Anak* sa bersikulo 14a ay nagpapahiwatig na ang binhi ni David ay magiging ang Anak ng Diyos, yaon ay, na ang isang pantaong binhi ay magiging isang dibinong Anak—Roma 1:3-4.

E. Ipinahihiwatig nito na ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang gawing tao ang Kanyang sarili upang gawing Diyos ang tao sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos.

F. Ang salitang ito hinggil sa binhi ni David na nagiging ang Anak ng Diyos ay nagpapatuloy at matibay na napauunlad sa Bagong Tipan—Mat. 22:41-45; Apoc. 22:16.

II. Sinasabi ni Pablo sa Mga Gawa 13 na mula sa binhi ni David "ang Diyos, ayon sa pangako, ay nagdala sa Israel ng isang Tagapagligtas, si Hesus" (b. 23), at na "lubusang tinupad ng Diyos ang pangakong ito…sa pagbabangon kay Hesus, gaya ng nasusulat din sa ikalawang Awit, 'Ikaw ay Aking Anak; sa araw na ito ay ipinanganak kita'" (b. 33):

A. Makikita natin sa mga bersikulo 32 at 33 na si Kristo bilang ang panganay na Anak ng Diyos ay ipinangako sa mga magulang, at tinupad ng Diyos ang pangakong ito sa pamamagitan ng pagbabangon kay Hesus.

B. Ang pagkabuhay na muli ay isang kapanganakan sa taong si Hesus:

1. Siya ay ipinanganak ng Diyos sa Kanyang pagkabuhay na muli upang maging ang panganay na Anak ng Diyos sa maraming magkakapatid—Roma 8:29.
2. Siya ang bugtong na Anak ng Diyos mula sa kawalang-hanggan—Juan 1:18; 3:16.
3. Pagkatapos ng Kanyang pagkakatawang-tao, sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ay ipinanganak Siya ng Diyos sa Kanyang pagkatao upang maging panganay na Anak ng Diyos—Heb. 1:6.

C. Nakita ni Pablo ang pagkabuhay na muli ng Panginoon sa Awit 2:7: "Ikaw ay Aking anak; / Sa araw na ito ay ipinanganak kita":

1. Iniaaplay ni Pablo ang salitang *sa araw na ito* sa araw ng pagkabuhay na muli ng Panginoon.
2. Nangangahulugan ito na ang pagkabuhay na muli ni Kristo ay ang Kanyang kapanganakan bilang panganay na Anak ng Diyos.
3. Si Hesus, ang Anak ng Tao, ay ipinanganak upang maging ang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagiging naibangon mula sa mga patay; samakatwid, ang pagbabangon ng Diyos kay Hesus mula sa mga patay ay ang Kanyang pagsisilang sa Kanya upang maging Kanyang panganay na Anak—Gawa 13:33.

D. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, ibinihis ng bugtong na Anak ng Diyos ang pagkatao at naging Diyos-tao (Juan 1:14, 18; Luc. 1:35); pagkatapos, sa pagkabuhay na muli, ang Diyos-taong ito ay ipinanganak ng Diyos upang maging Kanyang Panganay (Gawa 13:33; Heb. 1:6; Roma 8:29):

1. Bago ang pagkakatawang-tao, ang bugtong na Anak ng Diyos ay walang pantaong kalikasan; mayroon lamang Siyang dibinong kalikasan.

2. Sa pagkabuhay na muli, ang panganay na Anak ng Diyos ay nagtataglay ng pantaong kalikasan gayundin ng dibinong kalikasan.

E. Sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muli, si Kristo ay ipinanganak upang maging panganay na Anak, at kasabay nito ang lahat ng Kanyang mananampalataya ay ipinanganak upang maging maraming anak ng Diyos—1 Ped. 1:3; Heb. 2:10:
   1. Sa gitna ng maraming anak na ito, tanging ang Panganay na Anak ang bugtong na Anak ng Diyos—1 Ped. 1:3; Heb. 2:10.
   2. Ang bugtong na Anak ng Diyos na ito, sa Kanyang nabuhay na muling pagkatao, ay ang panganay na Anak din ng Diyos—Roma 8:29.
   3. Ang Panganay ay kapwa may pagkadibino at pagkatao, at tayo, ang Kanyang mga mananampalataya bilang maraming anak ng Diyos, ay nagtataglay rin kapwa ng pantaong kalikasan at dibinong kalikasan—2 Ped. 1:4.

III. A*ng binhi ni David na nagiging Anak ng Diyos* ay tumutukoy sa proseso ng pagtatalaga kay Kristo bilang panganay na Anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli—2 Sam. 7:12-14a; Roma 1:3-4; Mat. 22:45; Apoc. 22:16:

A. Sinasabi ni Pablo na siya ay ibinukod tungo sa ebanghelyo ng Diyos hinggil sa Anak ng Diyos, na nagpapahiwatig na ang ebanghelyo ng Diyos ay isang ebanghelyo ng pagkaanak para sa realidad ng Katawan ni Kristo—Roma 1:1, 3-4; 8:28-30; 12:5.

B. Ang Roma 1:3-4 ay ang katuparan ng propesiya sa tipolohiya sa 2 Samuel 7:12-14a, inihahayag ang hiwaga ng Diyos na naging tao upang gawing Diyos ang tao sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos:
   1. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, si Kristo, ang bugtong na Anak ng Diyos sa Kanyang pagkadibino (Juan 1:18), ay nagbihis ng laman, ang pantaong kalikasan, na walang kinalaman sa pagkadibino; sa Kanyang pagkatao, Siya ay hindi Anak ng Diyos:
      a. Si Hesus sa Kanyang pagkatao ay ang binhi ni David, isang pantaong binhi na nabibilang sa lumang paglikha (ang lumang tao—Roma 6:6) ng Diyos—Col. 1:15b.
      b. Nang namatay si Kristo sa krus bilang ang binhi ni David sa Kanyang pagkatao, ipinako Niya sa krus ang lumang tao kasama ang lumang nilikha, winasak ang diyablo, kinondena ang kasalanan sa laman, at hinatulan ang sanlibutan—Roma 6:6; Heb. 2:14; Roma 8:3; 2 Cor. 5:21; Juan 3:14; 12:31.
   2. Sa pagkabuhay na muli, ang Kanyang pagkatao ay pinaging-diyos, "pinaging-anak," nangangahulugan na Siya ay naging Anak ng Diyos hindi lamang sa Kanyang pagkadibino bagkus sa Kanyang pagkatao rin—Roma 1:3-4:
      a. Sa pagkabuhay na muli, Siya ay itinalaga na Anak ng Diyos, ginawang panganay na Anak ng Diyos, nagtataglay kapwa ng pagkadibino at pagkatao—8:29.
      b. Ang pagkapako sa krus ay ang pinakamainam na paraan upang Siya ay maitalaga, maluwalhati, mabuhay na muli:
         1) Kung mamamatay ang isang binhi sa pamamagitan ng pagiging nailibing sa lupa, sa kalaunan ay sisibol ito, lalago, at mamumukadkad, sapagkat ang paggawa ng buhay ng binhi ay nagsisimulang kumilos kasabay ng pagkamatay nito—Juan 12:23-24.
         2) Ang pagkadibino, ang Espiritu ng kabanalan, sa loob ni Kristo ay nagsimulang gumawa sa Kanyang kamatayan, at sa pagkabuhay na muli, Siya ay "namukadkad" bilang ang Anak ng Diyos.
         3) Ayon sa Kanyang laman, Siya ay ipinako sa krus, ngunit ayon sa Kanyang Espiritu, Siya ay ginawang malakas, napakaaktibo, upang ilagay ang pagkadibino sa pagkatao ni Kristo upang gawin itong dibino; ito ang kahulugan ng pagtatalaga, at ito ang pagpapaging-anak—1 Ped. 3:18.
      c. Ang pagkatao ni Kristo ay itinalaga, minarkahan, itinaas, sa pamamagitan ng Espiritu ng kabanalan, ang pagkadibino ni Kristo; sa ganitong paraan, ang pagkatao ni Kristo ay

napataas tungo sa pagkadibino; yaon ay, si Kristo ay ipinanganak na muli sa Kanyang pagkatao upang maging ang panganay na Anak ng Diyos—Gawa 13:33:

1) Si Kristo ang unang isinilang na muli sa pagkabuhay na muli—Roma 8:29:
   a) Ang Kanyang pagkatao ay ipinanganak sa sinapupunan ng Kanyang ina; iyon ay tao at hindi maaaring ituring na Anak ng Diyos kundi Anak ng Tao.
   b) Itinaas ng pagkabuhay na muli ni Kristo ang Kanyang pagkatao at inilagay ang Kanyang pagkadibino tungo sa pagkataong ito; kaya sa pamamagitan ng pagkabuhay na muling ito, ang Kanyang pagkatao ay ipinanganak na muli upang maging bahagi ng Anak ng Diyos.
2) Ang prototipo ay ang panganay na Anak ng Diyos, at ang pagpaparami ay ang maraming anak ng Diyos, ang mga sangkap ng prototipo upang maging Kanyang Katawan, na napasusukdol sa Bagong Herusalem—1 Ped. 1:3.

IV. A*ng binhi ni David na nagiging Anak ng Diyos* ay tumutukoy sa proseso ng pagtatalaga sa atin bilang maraming anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli—Heb. 2:10-11:

A. Si Kristo ay naitalaga na bilang Anak ng Diyos, ngunit tayo ay nasa proseso pa ng pagtatalaga, ang proseso ng pagpapaging-anak, pagpapaging-diyos—Roma 8:28-29.

B. Ang buhay ng Anak ng Diyos ay naitanim na sa ating espiritu—b. 10:
   1. Tayo ngayon, tulad ng binhi na naihasik sa lupa, ay kinakailangang dumaan sa proseso ng kamatayan at pagkabuhay na muli—Juan 12:24-25.
   2. Sinasanhi nito na maubos ang panlabas na tao, ngunit binibigyang-kakayahan nito ang panloob na buhay na lumago, umunlad, at sa huli ay mamukadkad; ito ang pagkabuhay na muli—1 Cor. 15:31, 36; 2 Cor. 4:10-12, 16.
   3. Lalo tayong lumalago sa buhay para sa ating transpormasyon sa buhay, lalo tayong naitatalagang mga anak ng Diyos:
      a. Upang lumago, kailangan natin ng pusong nakabaling sa Panginoon at pusong dalisay tungo sa Kanya—3:16, 18; Mat. 5:8; 2 Tim. 2:22.
      b. Upang lumago, kailangan nating kumain ng walang dayang gatas at ng matigas na pagkain ng salita—1 Ped. 2:2; Heb. 5:12-14.
      c. Upang lumago, kailangan natin ang pagdidilig ng mga may kaloob na sangkap—1 Cor. 3:6b; Juan 7:37-39; Kaw. 11:25.
      d. Sa pamamagitan ng lahat ng bagay sa ating kapaligiran at ng ating mga kabiguan, ang ating pangit na sarili ay nagigiba, at ang Panginoon ay may higit na pagkakataong gumawa sa loob natin—Roma 8:28-29.
      e. Isang araw, ang prosesong ito ay makukumpleto, at sa kawalang-hanggan, tayo ay magiging katulad ni Kristo, ang panganay na Anak ng Diyos, sa ating espiritu, kaluluwa, at katawan—1 Juan 3:2; Roma 8:19, 23; *Mga Himno,* #948, saknong 2.

C. Sa pagkabuhay na muli, si Kristo sa Kanyang pagkatao ay itinalaga na Anak ng Diyos, at sa pamamagitan ng gayong pagkabuhay na muli, tayo rin ay nasa proseso ng pagiging itinalagang mga anak ng Diyos—Roma 8:11:
   1. Ang proseso ng ating pagiging itinalaga, pagpapaging-anak, pagpapaging-diyos, ay ang proseso ng pagkabuhay na muli na may apat na pangunahing aspekto—pagpapabanal, pagtatransporma, pagwawangis, at pagluluwalhati—6:22; 12:2; 8:29-30.
   2. Ang susi sa proseso ng pagtatalaga ay pagkabuhay na muli, na siyang ang naninirahan sa loob na Kristo bilang ang bumabangong Espiritu, ang nagtatalagang Espiritu, ang kapangyarihan ng buhay sa ating espiritu—Juan 11:25; Roma 8:10-11; Gawa 2:24; 1 Cor. 15:36; 5:4:
      a. Kailangang-kailangan nating matutuhan kung paano lumakad ayon sa espiritu, upang matamasa at maranasan ang nagtatalagang Espiritu—Roma 8:4, 14.

b. Lalo nating hinihipo ang Espiritu, lalo tayong napababanal, natatransporma, at naluluwalhati upang maging Diyos sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang mapasukdol ang Bagong Herusalem—1 Cor. 12:3; Roma 10:12; 8:15-16; Gal. 4:6.

V. Ang layunin ng Diyos ay ang magbunga ng maraming kapatid ng Kanyang panganay na Anak para sa Kanyang kahayagan:

A. Sinasabi sa atin ng Roma 8:29 na tayo ay itinalaga ng Diyos noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging "Panganay sa maraming magkakapatid."

B. Isang kahanga-hangang katunayan na ang Panganay ay mayroong maraming kapatid—Mat. 28:10; Juan 20:17.

C. Si Kristo ang Panganay na may pagkadibino at pagkatao, at tayo ang Kanyang maraming kapatid na may pagkatao at pagkadibino; kapwa ang Panganay at ang maraming anak ay ipinanganak ng parehong Amang Diyos sa pagkabuhay na muli.

D. Sinasabi ng Hebreo 2:11, "Siyang nagpapabanal at ang mga pinababanal ay pawang mula sa Isa, na dahil dito ay hindi Siya nahihiyang tawagin silang mga kapatid."

E. Ang Panganay ay ang prototipo, at tayo ang malakihang pagpaparami; si Kristo ang modelo, ang hulmahan, ang huwaran, at inilagay tayo ng Diyos sa loob Niya nang sa gayon ay maihulma tayo tungo sa Kanyang larawan.

F. Bilang Kanyang maraming kapatid, tayo ngayon ay nasa proseso ng paggulang, iwinawangis sa Kanyang larawan.

G. Sinasabi ng Hebreo 2:12, isang sipi mula sa Awit 22:22, "Ipahahayag Ko ang Iyong pangalan sa Aking mga kapatid; sa gitna ng ekklesia ay aawit Ako ng mga himno ng papuri sa Iyo."

H. Ayon sa Hebreo 2:12, ang ekklesia ay isang sama-samang kabuoan ng mga kapatid ng panganay na Anak ng Diyos na may dalawang kalikasan at dalawang buhay na pinagsanib at pinagsama.

© 2026 Living Stream Ministry